



ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Bayan

Tomo XLVI Blg. 10

Setyembre 7, 2015

www.philippinerevolution.net

Masaker sa Lianga

MARIING binabatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas ang rehimeng Aquino at ang Armed Forces of the Philippines sa pagmasaker ng mga sibilyan sa Surigao del Sur nitong Setyembre 1. Wala nang kinikilalang hangganan ang asal-hayop na mga tropa at paramilitar ng 36th IB sa magkakasunod na pagpatay sa isang guro, isang lider-katutubo at kanyang pinsan sa Han-ayan, Barangay Diatagon, Lianga.

Nagpupuyos sa galit ang sambayanang Pilipino sa walanghabas na maruming gera ng rehimen. Ang magkakasunod na masaker at mga pagpatay sa nagdaang mga linggo ay malinaw na utos ng matataas na upisyal nito.

Pinatay ng paramilitar na grupong Magahat-Bagani sina Emerito Samarca, 54, Dionel Campos at Bello Sinzo sa harap ng daan-daan nilang kababaryo. Ang Magahat-Bagani ay binuo, inarmasan at dinidireksyunan ng 36th IB.

Si Samarca ang direktor ng Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development (ALCADEV) habang si Campos ay pinuno ng Malahuta-yong Pakigbisog Alang Sa Sumusunod (MAPASU). Pinsan ni Campos si Sinzo.

Agosto 30 nang dumating sa Han-ayan ang mga tropa ng 36th IB at Special Forces Regiment. Pumosisyon sila sa gitna ng barangay at sa *function hall* ng ALCADEV at sa mga klasrum ng eskwelahan ng Tribal Filipino

sundan sa pahina 3

Editorial

Labanan ang paghaharharian ng militar ng US sa Pilipinas

Kasuklam-suklam na sumaludo si Aquino at kanyang mga upisyal militar at panseguridad nang bumisita kamakailan ang bagong kumander ng mga pwersang militar ng US sa Pasipiko, si Adm. Harry Harris. Sa loob ng tatlong araw, tuluyang inilibing ng mga upisyal ni Aquino ang lahat ng pambansang dignidad at nagprisintang mga utusan ng mataas na upisyal ng Amerika.

Sa pag-iikot sa Pilipinas, naginspeksyon ang pinunong upisyal ng US Pacific Command (USPACOM) para alamin kung ano ang katayuan ng mga pasilidad na inihahanda ng Pilipinas para sa militar ng US. Mismong pinuno at nangungunang mga upisyal ng AFP ang umalalay kay Harris para sa kanyang "pamilyarisasyon sa erya" ng kanyang kumand.

Ang pagbisitang ito ng among militar ng papet na estado ay ginawa sa panahong walang tigil na nagpapalakas ng presensya ang mga pwersang militar ng US sa Asia-Pacific. Tuluy-tuloy ang ginagawang "pagpihit sa Asia" ng militar ng US sa layuning iseguro ang

estrategikong interes ng US sa rehiyon.

Sa nagdaang mga taon, ang Pilipinas ay nagsilbing isang malaking base ng militar ng US para sa isinasagawa nitong mga operasyong surbeylans, pagpapakitang-gilas at pagpapamalal ng lakas-militar sa rehiyon.

Hindi pa man lubusang naipatutupad ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), ang kasunduan para sa muling pagtata-tag ng mga base militar ng US sa Pilipinas na pinirmahan noong naka-raang taon, humigit-kumulang isandaang ulit kada taon nang nagpapa-



balik-balik sa mga karagatan at daungan ng Pilipinas ang mga bar-kong pandigma ng US. Kahit saan ay dumadaong ang mga ito para mag-paayos, kumuha ng suplay at ipahinga ang mga tauhan.

May ilandaang sundalong Amerikanong mahigit isang dekada nang nasa bansa. Permanente ang presensya ng mga tropang ng US sa Pilipinas at tuwiran silang nakikialam sa panloob na mga usapin.

Bukambibig ng mga upisyal militar ng US at Pilipinas ang "interoperability" o pagtataas diumano ng kakayahan ng magkabilang pwersang militar na magtulungan sa operasyon. Upang gawing katanggap-tanggap ang panghihimasok ng militar ng US, pinalalabas ng US na ang gayong "interoperability" ay para sa pagtutulungan sa panahon ng sakuna. Pinalalabas din ng US na ang pagpapalaki ng presensya nito sa Pilipinas ay pabor sa iginigiit ng Pilipinas na soberanya sa mga teritoryong pandagat nito at eksklusibong sonang pang-ekonomya kontra sa pag-aangkin dito ng China.

Ang totoo, walang ibang pakay

ang US sa "interoperability" kundi ang itakda at kontrolin ang mga programa, prayoridad, plano at operasyon ng AFP upang papagsilbihin ito sa kanilang interes at pangangailangan.

Kaugnay nito, itinutulak ng militar ng US ang "modernisasyon" ng AFP para pagsilbihin ito sa kanyang interes at mga pangangailangan sa mga isinasagawa nitong operasyon sa rehiyon. Kabilang dito ang ipinagmamalaki ng AFP na "modernisasyon" ng mga pasilidad ng mga baseng nabal sa Palawan na pangunahing magagamit ng malalaking barkong pandigma ng US. Ang planong itayong mga "world class" na pasilidad para sa pagsasanay sa loob ng Fort Magsaysay sa Nueva Ecija ay magsisilbi pangunahin sa kapakanan ng mga tropang Amerikanong balak magbase doon.

Sa ngalan ng "interoperability", naglulunsad ang militar ng US ng mga pagsasanay na kinabibilangan ng indoktrinasyon sa ideolohiya at interes ng imperyalismong US. Kontrolado ng US ang utak ng mga upisyal ng militar at pulis. Pinaka-

matingkad ito sa Oplan Bayanihan ng AFP na mahigpit na nakapadron sa Counter-Insurgency Guide (Gabay sa Kontra-Insurhensya) ng US.


Tahasan ang paghahari ng militar ng US sa Pilipinas. Tulad sa nabulilyasong operasyong Mamasapano, harap-harapan nitong niyuyurakan ang soberanya ng bansa sa paglulunsad nito ng mga operasyon sa loob ng bansa, at malala pa'y, paggamit ng lokal na militar at pulis sa mga operasyong ito.

Ang mga taktika ng AFP sa kontra-rebolusyonaryong digma ay pawang halaw sa mga manwal ng amo nitong militar ng US. Ang saywar na "matwid na daan" ng rehimeng Aquino ay tuwirang turo ng mga guro nito sa US embassy. Ang kasalukuyang kampanya ng karanasan ng AFP laban sa mga sibilyan sa pinaghihinalaan nilang rebolusyonaryong baseng masa ay halaw rin sa mga kampanya ng pandarahas at pambobomba na ginagawa ng mga pwersang militar ng US at mga alyado nito sa Pakistan, Afghanistan, Syria, Turkey at iba pang bansa.

Sa ilalim ng rehimeng Aquino, lalong naging tahasan at lantaran ang panghihimasok-militar ng imperyalismong US sa Pilipinas. Lalo pang puspusan ang rehimen na pagsilbihan ang kanyang imperyalistang amo sa hangaring magpatuloy ang suportang pampulitika sa kanilang pangkatin lalo't nalalapit ang eleksyong 2016. Kaya lalong humihigpit ang kontrol at paghahari ng US sa ekonomya at pulitika ng bansa. Walang nagsasariling patakarang panlabas ang Pilipinas; sa halip ay sunud-sunuran lamang ito sa itinatakda ng US.

Dapat puspusing labanan ng sambayanang Pilipino ang paghahari-harian ng militar ng US sa Pilipinas. Dapat nilang igiit ang karpatan ng bansa na maging malaya mula sa presensya ng mga dayuhang pwersang militar. Dapat uboskayang hadlangan ang pagsasakatauparan ng EDCA at itulak ang pagbabasura nito.



 <p>Tomo XLVI Blg. 10 Setyembre 7, 2015</p> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong <i>i-download</i> mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa: www.philippinerevolution.net Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikaunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng <i>email</i> sa: cppinformationbureau@gmail.com</p> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	<h2 style="text-align: center;">Nilalaman</h2> <p>Editorial: Labanan ang paghahari-harian ng militar ng US 1</p> <p>Masaker sa Lianga 1</p> <p>Pasistang lagim sa kanayunan 4</p> <p>Pasismo at panlilinlang 6</p> <p>Pagbisita ng upisyal ng US 8</p> <p>Agresyon ng US laban sa Russia 9</p> <p>Siyam na opensiba sa Panay 11</p> <p>Kontraktwalisasyon sa Davao 11</p> <p>Laban sa kontraktwalisasyon sa ST 12</p> <p>Zero Remittance Day 13</p> <p>Pagtalikod sa edukasyon 14</p>
---	--

Program of Surigao del Sur (Tripfss).

Kinabukasan, dumating ang mga paramilitar na tropang Magahat-Bagani, nagsipagpaputok ng baril, at agad na sinunog ang kooperatiba ng MAPASU. Mahigit P5 milyon ang halaga ng nasira sa natupok na gusali ng kooperatiba na may laman pang mga paninda at sako-sakong bigas.

Madaling araw ng Setyembre 1, naglibot sa komunidad ang mga paramilitar. Pinagsisipa nila ang mga pinto ng mga bahay, at sinabihan ang mga tao na magtipon sa KM16 sa baryong iyon. Ang mga istap, guro at estudyante ng ALCADDEV ay pinaalis sa eskwelahan ngunit pinaiwan si Samarca. Sa KM16, pinaupo sa isang tindahan sina Campos at Sinzo at magkasunod na binaril sa harap ng daan-daang residente ng anim na sityo na pinatipon doon. Sinabihan ang mga tao na lumikas sa baryo sa loob ng dalawang araw kung ayaw nilang patayin silang lahat.

Bago umalis ang mga tropang Magahat-Bagani, pinadapa nila ang mga tao, sinigawang huwag kumilos, at kinumpiska ang mga selpon at kamera. Sinunog nila ang isang bahagi ng eskwelahan ng Tripfss, at namudmod ng mga polyetong may logo ng Bagani. Sa tindi ng pagkagimbal, umabot sa 20 minuto matapos nakaalis ang mga paramilitar bago tumayo ang mga tao.

Pagbalik ng mga estudyante at guro sa ALCADDEV, natagpuan nila sa ikalawang palapag ang bangkay ni Samarca na nakagapos ang kamay at paa, laslas ang lalamunan, bugbog sarado na halos di na makilala ang mukha, at may mga saksak sa tiyan.

Dahil dito, nagbakwit ang humigit-kumulang 362 pamilyang Lumad o 1,804 indibidwal at nanunuluyan ngayon sa Provincial Capitol Sports Complex ng Tandag City. Nagmula sila sa 10 komunidad ng Diatagon,

limang komunidad ng Buhisan, San Agustin, at isang komunidad ng Caras-an, Tago. Kasama sa mga bakwet ang 27 guro at istap ng ALCADDEV at pitong eskwelahan ng Tripfss. Ito ang ikalawang pagbakwit ng mga komunidad ng Lumad sa Diatagon mula noong Oktubre 2014. Lumikas noon ang 1,800 Manobo matapos barilin ng mga Bagani sina Henry Sarsona Alameda, myembro ng konseho ng MAPASU, at Aldren Dumaguít.

Kasunod lamang ang pagbakwit na ito sa paglikas rin ng mahigit 300 pamilyang Lumad ng San Miguel, Surigao del Sur, matapos barilin ng mga tropa ng Bagani sa ilalim ni Hasmin Acevedo ang magkapatid na Crisanto at Ely Tabugol sa kanilang bahay noong gabi ng Agosto 28.

Bandang alas-7 ng gabi, dinatnan ng magkapatid na Tabugol ang mga paramilitar sa kanilang bahay. Sa kabila ng kanilang pagmama-kaawa, malapitang binaril si Ely sa paa at noo. Namatay siya sa siyam na tama ng baril. Nagtangkang tumakbo si Crisanto at binaril din siya ng tatlong beses.

Malawakang galit at kundenasyon

Agad na nagpahayag ng matinding galit ang iba't ibang progresibong grupo sa mga masaker at sa tumitinding militarisasyon sa kanyunan.

Noong Setyembre 1 mismo, naglunsad ang Karapatan at Bagong Alyansang Makabayan ng seremonyal na pagsisindi ng kandila sa Quezon City.

Nagsindi rin ng mga kandila ang komunidad ng University of the Philippines (UP), kasama ang mga kasapi ng Save Our Schools Network, sa UP-Diliman noong Setyembre 2.

Noong Setyembre 3, dinumog ng galit na galit na mga kabataan ang Gate 2 ng Camp Aguinaldo sa Quezon City bilang reaksyon sa sunud-sunod na masaker. Hinagisan nila ng pulang pintura at sinulatan ng mga islogan ang pader ng kampo. Sumama sa kilos protesta ang mga kasapi ng College Editors Guild


of the Philippines, League of Filipino Students at Anakbayan.

Ipinahayag ng Education Forum for Development (EFD), isang network ng 100 eskwelahanna "nakakabahala na ang harassment ng militar at atake sa mga eskwelahang itinayo ng mga Lumad... Ang katahimikan o hindi pagkilos [ng administrasyong Aquino] ukol sa usaping ito ay katumbas ng pagtataguyod ng gubyerno sa malalaking negosyante kapalit ng buhay ng mga katutubong komunidad."

Ayon naman sa Anakbayan-USA, "ang mga paglabag sa karapatang-tao, operasyong militar sa mga komunidad, at pagpatay ng mga lider ng komunidad ay produkto ng Oplan Bayanihan ni Aquino, kung saan ang militar ng Pilipinas ay nagsisilbing pwersang pananggol ng mga *investment* o bilang pribadong militar ng malalaking korporasyon."

Matinding binatikos ng New York Committee for Human Rights in the Philippines ang pagtortur at pagpatay kina Samarca, Campos at Sinzo. Nakiisa rin sa mga biktima ang BAYAN-USA at nagpahayag na "sa ilalim ng Oplan Bayanihan, ang Armed Forces of the Philippines ay ganap na walang pananagutang nagpapatindi ng panunupil sa mga aktibista habang naghahandang umalis ng Malacañang si Aquino."

Pinansin naman ni Rep. Carlos Zarate ng Bayan Muna na "ang pagpatay at mga paglabag sa karapatang-tao" ang nagiging pamana ng rehimeng Aquino sa mga Lumad.

Ang ALCADDEV ay itinayo ng MAPASU at Tripfss bilang tugon sa kawalan ng serbisyong pang-edukasyon sa mga mamamayang Lumad sa kabundukan ng Mindanao. Maliban sa mga batayang pag-aaral sa literasiya at matematika, may pag-aaral din sa sustenableng produksyong agrikultural at karapatan ng mga Lumad. Pinag-iinitan ito ng estado dahil natututong magtanggol ng kanilang mga karapatan ang mga katutubo. 

Lumalaganap na pasistang lagim sa kanayunan

Sa gitna ng linggal ng pag-aagawang-eksena sa eleksyon, lumalambong ang pasistang lagim sa kanayunan sa ilalim ng gerang panunupil ng Oplan Bayanihan. Armado at sibilyan ay walang itinatangi sa lumalaganap at lumalalang mga masaker, ekstrahudisyal na pagpatay, iligal na pag-aaresto at pagsampa ng mga gawa-gawang kaso; tortyur, panggigipit, pananakot, istraping, panganganyon at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao.

Masaker at ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga sibilyan

Sa pinakahuling bilang, 36 na ang biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay sa unang walong buwan ng 2015. Labindalawa dito ay sa buwan lamang ng Agosto. Mula Hulyo 2010 hanggang Marso 2015, nagtala ng pinakamataas na bilang ng mga biktima ang rehiyon ng Bicol sa bilang na 69. Pumangalawa ang Southern Mindanao na may 35 pinatay, at sinusundan ng Southern Tagalog na may 22 pinatay. Apatnapu't walo na ang biktima ng 14 masaker. Pito sa kanila ay menor-deedad.

Bukidnon. Noong Agosto 18, minasaker ng berdugong yunit ng 3rd Special Forces Company (3rd SFC) ng 1st SF Battalion (1st SFB) sa pamumuno ni Captain Balatbat ang limang Manobo na myembro ng pamilyang Samia at Somina sa Barangay Mendis, Pangantucan, Bukidnon. Sina Herminio Samia, 70, ang kanyang anak na si Joebert, 20, apong si Norman, 13, at mga pamangking Somina na sina Elmer, 17, at Emir, 19, ay walang kaabog-abog na pinagbabaril kahit nagtaas na sila ng mga kamay at malinaw na nagdeklarang sila'y mga sibilyan.

Bago nito, mga alas-4 ng hapon, tinambangan ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga tropa ng 3rd SFC, apat na kilometro mula sa bahay ng mga Samia. Namatay sa labanan si 2Lt. Alvin Balangcod at malubhang nasugatan ang isa pang sundalo. Bandang alas 5:30 ay pinagbalingan ng mga sundalo ang pamilya Samia at minasa-

ker. Pagkatapos ay itinabi sa mga bangkay ang isang baril na naiwanan ng BHB sa tambang. Ibinalita mismo ng kumander ng 403rd Brigade at ng tagapagsalita nito na "mga NPA" ang kanilang pinatay.

Nakaligtas sa masaker ang isang 15-taong-gulang na apo ni Herminio. Isinaysay niya na pina-panaog sila sa bahay at isa-isang binaril paglabas. Dahil bulag na, ang matandang Herminio ang huling nakalabas ng bahay. Siya ang unang binaril ng mga sundalo. Lumabas ang kanyang mga bituka at wasak ang gulugod. Sunod na binaril si Elmer. Nahiwalay sa braso ang kanyang kamay at wasak ang mukha niya mula sa tama ng baril sa ilong. Katabi ng kanyang bangkay ang bangkay ni Joebert. Malapit naman sa may pinto binaril si Emir. Ilang hakbang ang layo sa kanya ni Norman. Tanggal ang kanang tainga ni Norman at nakalas ang kanyang panga.

Ayon sa nakaligtas, nagmakaawa pa ang mga biktima na arestuhin na lamang sila, pero binaril pa rin sila nang malapitan. Nakakubli ang nakaligtas sa malalala-

king bato at nakatakbo palayo. Matapos niyang isaysay sa mga kababaryo ang nangyari, nawalan na siya ng boses at hanggang ngayon ay hindi makapagsalita dahil sa sindak.

Kilala si Herminio bilang Datu Intabol, at myembro siya ng konseho ng mga nakatatanda na namumuno sa kanilang komunidad.

Kinabukasan, pinatawag ng 22 sundalo ng 3rd SFC ang 27 residente ng Sityo Mandum sa barangay ding iyon para hakutin ang mga bangkay at dalhin sa punerarya. Nanatili sa *daycare center* at *barangay hall* ang tropang mamamatay-tao. Nilista ang mga pangalan at kinunan ng litrato ang mga residente at sinabihang huwag titingin sa mga mukha ng mga sundalo.

Ang 15-anyos na nakaligtas ay nasa pangangalaga ngayon nina Jomorito Goaynon, tagapangulo ng Kalumbay, isang panrehiyong organisasyon ng mga katutubo sa Northern Mindanao. Pinangingibabawan pa niya ang kanyang trauma.

Ayon kay Erio Inahan, tagapangulo ng Manobo Farmers Association sa Pangantucan, ang mga biktima ay mga magsasakang kasapi ng kanilang organisasyon, mga rehistradong botante ng barangay, at mga benipisyaryo ng 4Ps.

Mga sundalo rin ng 1st SFB ang nagmasaker sa apat na magsasaka sa Bugna, Barangay Casinglot, Ta-



goloan, Misamis Oriental noong Marso 28. Maliban sa apat na patay, may tatlo pang sugatan sa pamamaryl na ito. Tulad ng pamilyang Samia at Somina, inakusahan silang "mga NPA."

Ganito rin ang sinapit ng apat na drayber ng habal-habal na buong kawalang-hiyaang minasaker ng 9th IB sa Cawayan, Masbate noong Agosto 3 matapos silang patulungin sa pagbyahe ng mga sundalong nasugatan sa ambus, gayundin ng mag-amang Ariel at Allan Bartulay ng San Jacinto, Masbate noong Agosto 2. (*Tingnan sa Ang Bayan, Agosto 21, 2015.*)

Bicol. Pinagbabaril ng mga elemento ng 31st IB noong Agosto 20 ang brodkaster sa radyo na si Teodoro "Ka Tudoy" Escanilla, 63, tagapagsalita ng Karapatan-Sorsogon sa Brgy. Tagdon, Barcelona, Sorsogon. Natutulog si Escanilla nang baturhin ang kanyang bahay ng anim na sundalong nakatakip ang mukha ng telang itim bandang alas-11 ng gabi. Nang dumungaw siya sa bintana, pinaputukan siya ng .45 kalibreng pistolaat M16 armalayt. Pagkatapos ay tumakas sa tatlong motorsiklo ang mga bumaryl kasabay ng walo pang lulan ng isang traysikel. Tinamaan si Ka Tudoy sa tiyan, kaliwang balikat at kanang pisngi. Namatay siya habang ginagamot sa ospital.

Matagal nang pinag-iinitan ng 31st IB si Escanilla dahil sa mata-pang niyang paglalantad ng mga abusong militar sa kanyang programa sa radyo na "Pamana ng Lahi".

North Cotabato. Binaril hanggang mamatay si Joel Gulmatico habang dumadaan siya sa detatsment ng 57th IB pauwi sa kanyang bahay sa Barangay Naje, Arakan, North Cotabato noong Agosto 18. Si Gulmatico ay tagapangulo ng Arakan Progressive Peasant Organization at masigasig na tagapagtanggol sa mga karapatan ng mga magsasaka.

Iligal na pag-aaresto at tortyur

Sa ilalim ng rehimeng US-Aquino, ang mga batas na dapat mag-

tanggol sa mamamayan ang siyang ginagamit laban sa kanila. Bahagi na ng *standard operating procedure* (SOP) ng militar ang pagsampa ng mga gawa-gawang kasong kriminal sa mga dinarakip na aktibista't karaniwang mamamayan kung masyado nang mahirap gamitin ang gasgas na paratang na sila'y "mga NPA."

Bukidnon. Labinlimang sibilyan ang iligal na dinakip ng mga tropa ng 23rd IB at 8th IB sa Kitaotao, Bukidnon noong Agosto 26. Kabilang dito sina Ellen Manlimbaas, tagapangulo ng Nagkahiusang Maguuma sa Barangay White Culaman, Elizardo Labadan, Editha Bontao, Jun Pellazar, Camilo Asunan, Noeda Manlumaray at ang kanyang 12-taong gulang na anak. Walong iba pang residente ng Sityo Placatta ng naturang barangay ang inaresto kasama nila. Nanghalughog muna ang mga sundalo sa mga kabahayan sa sityo para magtanim ng mga ebidensya upang magkaroon ng rason sa pagdakip sa kanila. Bininbin sila sa *barangay hall* hanggang sa sumunod na araw bago isinakay sa isang helikopter papuntang Malabalay City. Labintatlo sa kanila ang kinasuhan ng rebelyon at *illegal possession of firearms and explosives*.

Isabela. Mariing kinundena ng Danggayan Dagiti Mannalon ti Isabela (Dagami-KMP) at Anakpawis-Isabela ang walang mandamyentong pag-aaresto kay Vic Feliciano sa kanyang tahanan sa Matusalem, Roxas, Isabela noong Agosto 13. Galing sa pulong ng AMARI-Dagami si Feliciano nang siya'y arestuhin. Nagpupulong noon ang samahan para pag-usapan ang kanilang pagkilos tungkol sa karapatan sa lupang inagaw sa kanila.

Sarangani. Noong Hunyo 17, mahigit 19 na indibidwal ang kinasuhan

ng tangkang pagpatay, *illegal detention, child abuse* at paglabag sa Republic Act 9851. Kabilang sa kanila ang mga B'laan na pinuno ng mga organisasyong masa, mga pastor ng United Church of Christ of the Philippines at mga myembro ng mga organisasyong nagtatanggol sa karapatang-tao. Isa sa mga sinampahan si Ruben Wating, isang magsasakang dinakip noong Abril para pigilan siyang magreklamo kaugnay sa pagtortyur na ginawa sa kanya ng mga tropa ng 73rd IB.

Nag-ooperasyon noon ang mga sundalo sa Barangay Upper Suyan Malapatan nang dakpin at tortyurin nila si Wating. Pinilit siyang uminom ng dalawang galon ng tuba, sinipa sa leeg, inipit ng plais ang kaliwang kuko ng hinlalaki, at sinuntok. Tinutukan siya sa noo, inutusang dumapa, at nang nasa lupa na ay tinapak-tapakan ang likod at mga binti. Pagkatapos nito ay pinatayo siya at inutusang tumakbo. Hindi siya sumunod dahil sa takot na babilin siya. Dinala siya sa bahay ng kanyang kapitbahay kung saan binugbog muli, pinitpit ng kawayan ang mga daliri, at bago pinauwi ay hinampas ng sinturon ang likod.

Kriminalisasyon ng mga pulitikal na pagkilos

Tuluy-tuloy ang pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso laban sa mga aktibista at lider-masang tumulong sa mga Lumad na nagbakwit mula sa Sarangani,



Davao del Norte at Bukidnon. Sa pinakahuling bilang, umaabot sa 70 lider ang isinama sa mga kinasuhan. Kabilang dito ang pambansang pangkalahatang kalihim ng Karapatan na si Cristina Palabay at Jacqueline Ruiz ng Children Rehabilitation Center. Isinalaksak din ng Criminal Investigation and Detection Group sa listahan ng mga John Doe at Mary Doe sina Rep. Emmi de Jesus ng Gabriela, Rep. Carlos Zarate ng Bayan Muna, at dating kongresistang si Teddy Casiño.

Mula noong nakaraang taon, 20 kaso na ang isinama laban sa mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatang tao sa Mindanao. Sa sobrang pagkamasugid sa pag-sasampa ng kung anu-anong kaso, nagiging katawa-tawa o di-kapani-paniwala ang kinakasuhan ng militar. Isinama sa listahan ng mga akusado si Francis Morales, ang dating direktor ng Balsa Mindanao at grupong pangkalkasan na Panalipdan! Mindanao, na namatay noong Nobyembre nang nakaraan pang taon. Dalawang beses lumitaw sa listahan ang kanyang pangalan at ang isa sa kanyang mga larawan ay idinikit sa pangalan ni Edil Gonzaga ng Transmission-Piston. Gayundin, ang larawan ng yumaong Rep. Crispin Beltran ay idinikit sa pangalan ng kongresista ng Anakpawis na si Rep. Rafael Mariano. Kasama rin sa kaso sina Jose Maria Sison at Juliet de Lima, na magtatatumpung taon nang wala sa bansa.

Samantala, ang ipinagmamalaki ng rehimeng Aquino

na grupong *inter-agency* na itinayo ng DOJ para magsuri sa mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang ay inutil at walang ginagawang anumang hakbang para matulungan ang mga biktima.

Sa kabilang panig, kinasuhan na ng mga grupong pambansa-demokratiko si Rep. Nancy Catamco ng North Cotabato sa naging papel niya sa pananalakay ng mga pulis sa Haran Compound noong Hulyo. Si Catamco, isang masugid na tagapagtanggol ng 10th ID, ay sinisingil din sa kanyang pagbibigay ng abugado para sa depensa ng dalawang pwersang paramilitar na pumatay kay Fr. Fausto Tentorio.

Sa kaugnay na balita, isang grupo ng mga aktibista at manggagawang pangkalusugan ang naghapag sa Korte Suprema ng petisyon para sa *writ of amparo* at *writ of habeas data*. Nangangamba sa kanilang buhay sina Dr. Darby Santiago, tagapangulo ng Health Alliance for Democracy at kagrupong niyang nars na si Imelda Gerali. Ito ay matapos silang makatanggap ng nagbabanta at nangsisingit na mga *text* sa kanilang mga *cellphone*. Kasama rin sa mga naghapag sina Rebecca Abelong ng Allied Workers Federation-Kilusang Mayo Uno (KMU); Neil Ambion, Renato Asa at Loreto Victoriano ng KMU; Josephine Carlos Betana ng Migrante; Lovely Carbon at Jessica Ferrera ng National Union of Students of the Philippines; at John Paul Lapid ng Kabataan Partylist. **AB**

Pasismo at panlilinlang

SUKDULANG pang-iinsulto at pagwawalanghiya ang “pakikiramay at simpatya” ng 4th ID sa mga kamag-anak ng mga minasaker ng 3rd Special Forces Company na mga Lumad na Manobo noong Agosto 30 sa Pangantucan, Bukidnon. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 4.*) Nakapangangalit ang inialok nilang “kinakailangang tulong sa mga kinauukulang lokal na upisyal para maiayos ang disenteng pagpapalibing” sa mga biktima ng kanilang karumal-dumal na krimen.

Ang ganitong doble-kara, nagsangang-dila na pagtrato sa mamamayan ay bahagi ng tinatawag ni Lt. Col. Ronnie Felix Babac, kumander ng 73rd Infantry Battalion, na “gentle persuasion” (malumanay na pangungumbinsi.) Habang nangmamasaker, nanganganyon sa mga komunidad o namimilit sa mga magsasaka na pumaloob sa mga pwersang paramilitar tulad ng Alamar, walang kurap na pinalalabas ng AFP na ito’y bahagi ng kanilang “malumanay na pangungumbinsi.” Kabilang ito sa sinasabi ni Gen. Eduardo Año na “social pressure” (panlipunang presyur) na dapat

daw ay kasabay ng “military pressure” (pangmilitar na pamumwersa) upang magtagumpay ang Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino.

Pakitang-taong proyekto sa pamumudmod ng pera

Isa sa matingkad na aspeto ng Oplan Bayanihan ang mapanlinlang nitong mga programa. Kabilang dito ang pakitang-taong mga proyektong pangkaunlaran sa ilalim ng Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA), Comprehensive Local Integration Program (CLIP), at ang batbat sa anomalyang 4Ps (Programang Pantawid ng

Pamilyang Pilipino) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD.) Layunin ng mga programang ito na gawing pasibo ang mga Pulang mandirigma, kanilang mga pamilya at lumalabang mamamayan sa kanayunan.

Umaabot sa P12.8 bilyon ang badyet ng guberno sa taong 2016 na inilaan sa PAMANA, ang programa ng AFP na nakatutok sa pagpapalubag-loob at panlilinlang sa mamamayan sa mga lugar na masigla ang digmang bayan. (*Tingnan ang isyu ng Ang Bayan, 21 Agosto 2015*). Kasabwat ang Office of the Presidential Adviser to the Peace Process, nagtatayo ang AFP ng mga huwad na organisasyon at namumudmod ng kagamitang pangkabuhayan.

Noong 2014, naglaan ang Department of Interior and Local Government ng P74 milyon para sa CLIP. Layunin ng programa na himukin ang mga Pulang mandirigma na sumuko at ipagpalit ang

kanilang mga baril sa kakarampot na pera. Bukod sa ginagamit upang manlinlang sa pamilya ng mga man-dirigma, napakalaking palabigasan ng mga upisyal ng militar ang programang ito.

Lagi't laging iniuulat bilang mga sumukong rebelde ang karaniwa'y mga sibilyan sa baryo o kaya'y mga dating kasapi ng Bagong Hukbong Bayan na matagal nang tumigil at ilang beses nang pinasuko. Habang mas maraming "pinasusuko" ang mga upisyal-militar, mas malaki ang mapaghahati-hatian nilang pondo. Nitong Agosto lamang, humigit kumulang P1.5 milyon ang ipinamalita sa midya na perang ibinigay sa mga sumuko diumano sa Surigao del Sur, Catanduanes, at Tagum City.

Nariyan din ang "kontra-insurhensyang" programang 4Ps na pinaglaanan ng P62.3 bilyon ng DSWD noong 2015. Malinaw na sa pitong taong implementasyon ay hindi naibsan ang kahirapan ayon sa ipinamamarali ng guberno na layunin nito. Ngunit lalo pang pinalalaki ito ng umaabot sa P62.67 bilyon sa panukalang badyet ng 2016 upang matutukan ang mga lugar na malakas ang rebolusyonaryong kilusan at mahila papalayo sa rebolusyon ang mamamayan. Binibigyan sila ng pera kapalit ng napakaraming kundisyon kasama na ang hindi pagdalo sa mga rali at hindi pagsapi sa mga organisasyong masa.

Kung hindi naman tahasang maipataw ang gayong mga kundisyon, itinataon ang pamumudmod ng pera sa mga panahong may pulong o kaya'y pangmasang pagkilos upang hindi makalahok dito ang kumukubra ng pera.

Mapanlinlang na mga organisasyon at aktibidad

Kasabay ng pagtatayo ng mga grupong paramilitar tulad ng Alamaras sa Mindanao, nagbubuo rin ang AFP ng mga grupo ng mga nagkukunwang datu upang magpakalat ng mga panlilinlang at sirain ang

pagkakaisa ng mga katutubo. Kabilang dito ang itinayo nilang Office of the Tribal Assembly of Elders of the Langilan Manobo. Ginamit ang pangalan nito upang gumawa ng pahayag na tumatalima sa linya ng AFP na ang mga Lumad na tumutulong sa Haran Compound sa Davao City na mga bakwit na biktima ng mga operasyong militar ay mga biktima raw ng *human trafficking* na isinagawa ng Karapatan, UCCP at iba pang demokratikong mga organisasyong masa.

Noong Hulyo, itinulak din ng militar ang ilang upisyal ng barangay Datal Anggas sa Alabel, Sarangani, na magpatibay ng resolusyong ginagawang *persona non grata* ang mga kasapi ng BHB sa kanilang lugar.

Tradisyon ng panlilinlang

Matagal nang ginagawa ang ganitong mga panlilinlang upang pagtakpan ang karahasang ginagawa ng militar. Mula pa ito sa "winning the hearts and minds" ng rehimeng US-Marcos, sa mga CIVAC at operasyong SOT, MSOT, RSOT ng sumunod na mga rehimen, hanggang sa Community Organizing for Peace and Development ngayon sa ilalim ng Oplan Bayanihan. Nariyan ang mga palabas na *medical mission*, programang literasiya, mga gupitbuhok, pamimigay ng mga notbuk at sari-sari pang pakulo na lalong dumarami habang lumulupit ang mga karahasang militar.

Partikular na target din ng panlilinlang ng AFP ang mga kabataan. Inaakit ang mga kabataan ng "load" sa *cellphone*, pang-internet, pamer-yenda at katulad na pakitang-tao. Nag-aalok din ang AFP ng mga "iskolarship" sa mga kolehiyo ang mga nais mag-aral sa kundisyong kukuha sila ng kursong *criminology*. Layunin nitong lalo pang ilapit ang kabataan sa PNP at militar, at kalauna'y magsilbi sa mga ito. Sa Nueva Ecija, naglunsad ang AFP ng isang pagsasanay sa loob ng kanilang kampo para sa mga kabataang nais magtrabaho sa *call*



center.

Ginagamit ng AFP ang mga hakbang nilang ito upang itago ang kanilang paglabag sa mga karapatang tao at alituntunin ng digmaan. Layunin din nitong iligaw ang mamamayan, palabasing nageserbisyo sa mahihirap ang estado nang sa gayo'y ilayo sila, laluna ang mga kabataan, sa digmang bayan.

Gayunpaman, kahit sa mga idinedeklara nilang lugar na "insurgency free" (na ngayo'y tinatawag nang "conflict-manageable areas" o mga lugar na mapanghawakan na ang sigalot) ay patuloy na lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan. Ang mga kabataan, sa partikular, ay nananatiling malalim na balon ng aktibismo.

Patunay ng patuloy na pagkabigo ng AFP sa kanilang Oplan Bayanihan, nitong Agosto 14, pumirma sina Voltaire Gazmin ng DND, Edwin Enrile ng DILG, Hernando Iriberry ng AFP at Ricardo Marquez ng PNP sa kasunduang Revised Joint Implementing Rules and Regulations upang ibalik diumano sa AFP ang pangunahing responsibilidad para sa "internal na seguridad" at pansuportang papel lamang ang PNP.

Nirebisa at lalong pinatibay rin nito ang Executive Order 546, isang kautusang pinirmahan ng dating rehimeng US-Arroyo, na nagliligalisa sa pagtatayo ng mga grupong paramilitar o pribadong hukbo. Pinagtibay ito sa panahon ng kalakasan din ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang. AB

Punong upisyal militar ng US sa Pacific, bumisita

Nang dumating si Adm. Harry Harris, bagong kumander ng US Pacific Command (USPACOM), sa Pilipinas para sa tatlong-araw na dalaw noong Agosto 26, nagkandarapa ang mga upisyal ng rehimen na salubungin at pagsilbihan siya.

Kasama ng iba pang upisyal-militar at mga diplomatiko ng US, pinulong ni Harris si Benigno Aquino at matataas na upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP) para ibahagi ang pinakahuling mga maniobra ng US sa Asia at kunin ang kanilang pagtalima.

Isa sa ibinahagi ni Harris ang Asia Pacific Maritime Security Strategy ng Department of Defense ng US, isang dokumentong naglalaman ng pinakahuling mga maniobra ng US sa rehiyon alinsunod sa National Security Strategy nito at sa panawagang "pagpihit sa Asia."

Sa ngalan ng "interoperability," pinirmahan niya at ng mga Pilipinong upisyal-militar ang General Security of Military Information Agreement (GSOMIA) na magbibigay sa US ng higit pang kontrol sa sa iba't ibang aspeto ng operasyon ng AFP.

Bago umalis si Harris noong Agosto 28, binisita niya ang kampo ng Western Command ng AFP sa Puerto Prinsesa, Palawan. Malapit ang naturang kampo sa Ulugan Bay, kung saan naroon ang Carlito Cunan Naval Station, isa sa mga lokasyong tinukoy para maging baseng nabal ng US.

Walang ibinigay na komitment si Harris sa pagmamanihuhod ng rehimeng Aquino na bigyan-suporta ng mga eroplano ng Amerikano ang mga barkong Pilipino na naghahatid ng suplay sa mga sundalo nito sa West Philippine Sea.

Geopulitikal na interes ng US

Nakapailalim sa *area-of-responsibility* (AOR) ng USPACOM ang 36 bansa sa apat na kontinente.

Saklaw nito ang pinakaabalang rutang pandagat na susi sa internasyunal na kalakalan. Nasa rehiyon ang walo sa 10 pinakamalalaking daungang pangkalakalan. Mahigit 30% ng pandaigdigang kalakal na may taunang halaga ng \$5 trilyon ang dumadaan sa ruta ng South China Sea. Nasa 2/3 ng pandaigdigang suplay sa langis ang dumadaan sa Indian Ocean tungong Pacific. Noong 2014, umaabot sa 15 milyong bariles ng langis ang dumadaan sa Malacca Strait.

Gayundin, tinatayang isa sa pinakamalawak na mapagkukunan ng rekursong pandagat ang rehiyon. Sampung porsyento ng pandaigdigang produksyon ng isda ang nagmumula sa South China Sea. Umaabot sa 11 bilyong bariles ng langis at 180 trilyon cubic feet ng *natural gas* ang tinatayang maaaring minahin sa lugar.

Kumand at kontrol sa tabing ng "interoperability"

Alinsunod sa pinakabagong estratehiya para sa seguridad pandagat nito, balak ng US na maglun-

sad ng "mas marami, mas madalas at mas sopistikadong mga pagsasanay-militar" sa hinaharap. Sa Pilipinas, plano nitong maglunsad ng 400 "aktibidad" para sa 2015 pa lamang. Kabilang dito ang Balikatan, na inilunsad noong Abril sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ipinagmalaki ni Harris ang Balikatan 2015 bilang pinakamasaklaw, at pinakaabante sa kasaysayan nito. Nilahukan ito ng 15,000 tropa mula sa Pilipinas, US, Australia at Japan. Nitong Agosto, inilunsad din ng US ang Pacific Partnership 2015 sa mga komunidad sa Zambales, Pangasinan at Roxas City.

Noong Agosto rin, inilunsad ang Bilateral Tactical Exercises sa pagitan ng mga hukbong panghimpapawid ng US at Pilipinas at ang Operation Lupao, isang masinsinang pagsasanay na tumutok sa pakikipagsagupaang kontra-insurhensya sa antas platun. Bago nito, naibalita na ang pagsasanay ng mga tropang Amerikano sa mga pwersa ng pulis sa Panay at iba pang lugar na pinaglulunsaran ng mga pulong ng mga upisyal ng mga bansang myembro ng Asia Pacific Economic Cooperation.

Kasabay nito, ginagamit ng US ang Pilipinas bilang lunsaran ng mga pagsasanay nito sa iba pang hukbo sa Asia. Kaliwa't kanan ang pagpapapirma ng US sa AFP ng mga kasunduang militar sa mga kalapit nitong bansa. Sa tabing din ng "interoperability," halos walang



patlang na inilulunsad at dinirihe ng US ang iba't ibang pagsasanay sa pagitan ng AFP at iba pang mga hukbong kinokontrol nito sa Asia. Kabilang dito ang mga hukbo ng Malaysia, Brunei, Indonesia at Vietnam.

Pinakahuli dito ang planong pinagsanib na pagsasanay kontra-insurhensya na gaganapin sa Capas, Tarlac na magsisimula sa Setyembre 9. Dadaluhan ito ng mga sundalo ng AFP at mga tropa mula sa Indonesia at Malaysia.

Kahit walang EDCA

Naantala ang lubos na pagpapatupad ng EDCA matapos magsampa ng reklamo sa Korte Suprema ang Bagong Alyansang Makabayan at iba pang mga grupo. Nagharap din ng opinyon ang mayorya ng mga senador na ang EDCA ay dapat munang dumaan sa Senado para pagtibayin o ibasura. Pinirmahan ang EDCA noong Abril 2014 ilang araw bago ang bisita ni Pres. Barack Obama ng US.

Sa kabila nito, tinukoy ng rehimeng Aquino ang walong base at kampo para sa gamit ng mga tropa at imbak ng mga gamit-militar ng US noon pang Oktubre 2014. Ang mga ito ay ang Fort Magsaysay sa Nueva Ecija, Crow Valley at Basa Airbase sa Pampanga, San Miguel Naval Station sa Zambales, Rafael Ramos Naval Station sa Cebu at Benito Airbase, Carlito Cunanan Naval Station at Bautista Airbase, lahat sa Palawan.

Alinsunod sa mga probisyon sa EDCA, pagtatayuan ito ng mga Amerikanong pasilidad, pag-iimbakan ng gamit at gagamitin ng mga nagsasalit-salitang tropang Amerikano.

Sa tabing ng "modernisasyon ng AFP," tuluy-tuloy na kinukumpuni ng rehimen ang mga ito. Direktang pinondohan ng US ang gayong "modernisasyon" sa pama-

magitan ng ayudang militar at pagbebenta ng pinaglu-maan at lipas nang mga gamit-militar sa AFP.

Isa sa mga lugar na nais ng US na gamitin ay ang mga pasilidad sa Subic Bay, na dating pinagbasehan ng 7th Fleet ng USPACOM. Mula nang ibasura ang Military Bases Agreement noong Setyembre 16, 1991, ang Subic Bay ay nagsilbing isang sibilyan na pasilidad na pina-ngangasiwaan ng Subic Bay Metropolitan Authority (SBMA). Inianunsyo noong isang taon ang planong maglaan ng P1 bilyon para sa konstruksyon ng baseng nabal sa isang 500-ektaryang lugar sa Barangay Cawag. Nitong Hulyo, pinirmahan ng SBMA at AFP ang isang kasunduan na magpapaupa sa AFP ng 15-taon ng mga pasilidad sa Subic. Ang mga hakbanging ito ay paghahanda na ipagamit ang mga ito bilang baseng militar ng US.

Wala pa mang EDCA ay palagian nang ginagamit ng US ang mga pasilidad ng Subic bilang *service port* sa mga barko nito sa rehiyon. Noong 2012, nakipagsosyo ang Amerikanong kumpanyang AMSEC para gamitin ang mga daungan ng Hanjin Heavy Industries and Constructions na may malaking baradero sa Subic para sa pagmamantine, pagkukumpuni at lohistika ng mga barko ng US Navy. Ang AMSEC ay subsidyaryo ng Huntington Ingalls Industries, pinakamalaking kumpanyang gumagawa ng mga barkong pandigma ng US, habang ang Hanjin ay pinakamalaking tagagawa ng barko ng South Korea.

Sa bisa ng naunang mga kasunduan, tuluy-tuloy nang ginagamit ng US ang Subic Bay. Mula Mayo hanggang Agosto pa lamang, umaabot na sa apat na barkong pandigma ng US ang dumaong dito para mag-*refuel* at *resupply* at para maglibang ang kanilang mga tropa. AB

Ang agresibong pakikitungo ng US sa Russia

(Ang artikulong ito ang ikalawa sa serye ng mga artikulong tumatalakay sa dokumentong National Security Strategy ng US. Ang unang artikulo ay lumabas sa isyung Agosto 21, 2015.)



Mababasa sa dokumentong National Security Strategy (NSS) na ang Russia ang isa sa pangunahing pinagtutuunan ngayon ng pansin ng gubyernong Obama ng US. Base sa NSS at sa aktwal na mga hakbangin ng US, puspusan at lahatang-panig ngayong pinaghahandaan nito ang todong panghihimasok, subersyon o atake sa Russia.

Ang Russia ang isa sa pinakamalaking kapitalistang bansa na karibal sa kapangyarihan ng imperyalismong US. Binubuo ang Russia ng pinakamalaking bahagi ng dating

Unyong Sobyet. Bukod sa lawak ng hawak nitong rekursong langis, hawak din ng Russia ang napakalaking makinaryang militar at mga sandatang nukleyar.

Hangarin ng US na agawin mula sa Russia ang kontrol sa malalaking pinagkukunan ng langis kabilang ang lugar ng Black Sea, ang Balkan at Arctic Sea. Gayundin, hinahangad ng US na makuha ang kontrol sa mga ruta ng langis at gas laluna patungo sa Europe. Sa NSS ay ipinagmamalaki ng US na ito na ang pinakamalaking prodyuser ng langis at gas at sisikapin nitong wakasan ang pag-salalay ng Europe sa langis mula sa Russia. Layunin ng US na mapatalsik ang lider ng Russia na si Vladimir Putin at palitan ng isang lider na maka-US.

Inuudyukan ng US ang antagornismo nito sa Russia sa paglalarawan dito ng NSS bilang bansang "mananalakay" at "mananakop".

Dagdag ng NSS: "Hahadlangan natin ang agresyong Ruso, magpapa-ka-alerto sa estratehikong kakayahang nito at tutulongan ang ating mga alyado at partner na labanan ang panggigipit ng Russia sa matagalan, kung kinakailangan."

Agresiyong pinalilibutan ngayon ng US ang Russia. Noong Pebrero 2014, inudyukan, tuwirang pinakialaman at sinuportahan ng US ang kudeta sa Ukraine na nagpabagsak sa halalan nitong presidenteng maka-Russia na si Viktor Yanukovych at nagluklok sa isang gubyernong anti-Russia at maka-US. Kinasabwat ng US ang mga pwersang neo-Nazi sa likod ng kudeta na ito. Ang Ukraine ay isang bansa na nasa timog na hangganan ng Russia.

Sa pagluklok ng gubyernong maka-US, ang Ukraine ay kumalas sa bloke ng maka-Russia at nakipagtulungan sa European Union. Kaagad itong tumanggap ng \$27 bilyong pantang mula sa IMF at World Bank. Ipinatupad nito ang mga kundisyong pahirap sa mamamayan. Pinalakas ng US ang kontrol sa militar sa pamamagitan ng pag-aarmas at pagsasanay sa Ukrainian Armed Forces at mga ultra-nasyunalistang grupong paramilitar.

Pinaiigting ng US at NATO ang presensyang militar nito sa ngalan ng "war games" o mga ehersisyong militar. Upang makalapit sa hangganan ng Russia, inudyukan ng US ang armadong pwersa ng Ukraine na muling ilunsad ang todong-pambombang laban sa Donbass, isang rehiyon sa silangang Ukraine na nagdeklara ng awtonomya matapos maluklok ang gubyernong maka-US. Ang Donbass ay may hangganan sa Russia.

Nagtatag rin ang US at NATO ng sentro para sa "command and



control" na binubuo ng ilandaang tropa para sa mabilisang reaksyon na nakabase sa Poland. Ang Poland ay may hangganan sa Russia at Ukraine. Nitong Marso, tinutulan ng US ang kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng Russia at Georgia dahil mapagkakaitan ito ng base para magpusisyon ng base militar sa mismong hangganan ng Russia.

Habang pinalalakas ng US ang presensyang militar nito sa kanlurang bahagi ng Russia, agresibo rin nitong pinapasok ang mga bansa sa Central Asia na nasa silangang bahagi ng Russia. Sa kasalukuyan, aktibong pinakialaman ng US ang Armenia, Kyrgyzstan at Uzbekistan, mga bansang nasa bloke ng maka-Russia. Pawang matataas na upisyal ng US ang bumibisita doon upang akitin o brasuhin ang mga lider nito na pumanig sa US, o katulad sa Ukraine, ay mag-udyok ng kaguluhang pampulitika at kudeta upang makapagluklok sa poder ng pwersang maka-US.

Iginiit ng US na "patuloy tayong magpapataw ng signipikanteng kabayaran sa Russia sa pamamagitan ng mga kaparusahan at iba pang paraan." Upang bigyang-matwid ang magpapataw ng mga pang-ekonomiyang panggigipit, tinagurian ng US na "pananakop" ang ginawang pagpasok ng mga tropa ng Russia sa Crimea mula noong Marso 2014

matapos bumoto ang mayorya ng mga taga-Crimea pabor sa pagkailas sa Ukraine at pagpaloob sa pederasyon ng Russia.

Bahagi rin ng pagdidiin laban sa Russia ang pakikipagsabwatan ng US sa Saudi Arabia para palakihin ang produksyon ng langis upang ibaba ang presyo nito sa pandaigdigang pamilyan.

Ang pagbaba ng presyo ng langis ay magpapaliit ng kita ng Russia at hihila ng ekonomya nito. Nasa kalahati ng budget ng Russia ay nagmumula sa kita sa langis.

Walang-awat din ang diplomatikong pagdidiin ng US laban sa Russia. Inaakusahan ng US at mga alyado nito ang maka-Russia na armadong pwersa na nagpabagsak sa sibilyang eroplanong MH17 noong Hulyo 17, 2014 sa silangang Ukraine.

Wala mang batayan at di pa man tapos ang imbestigasyon, tuluy-tuloy ang pagpapalipad-hangin na ang mga pwersang maka-Russia ang nasa likod ng pagpapabagsak. Kamakailan, ginamit ang mga akusasyong ito para ihapag sa Security Council ng United Nations ang resolusyong magbuo ng pandaigdigang tribuna na lilitis sa mga may kagagawan ng krimen.

Ang Russia rin ang isang pangunahing target ng \$1 trilyong pagpapaunlad ng kakayahang nukleyar ng US. Target ng US na itaas ang kakayahan nitong tukuyin sa loob ng isang minuto ang paglunsad ng Russia ng misayl na nukleyar upang makuha ang bentahe sakali mang sumiklab ang gerang nukleyar at gamitin iyon bilang karagdagan bigat sa pambababraso sa Russia.



Siyam na opensiba, inilunsad sa Panay

Siyam na taktikal na opensiba ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Panay (Jose Percival Estocada Jr. Command) mula Hunyo hanggang Agosto. Anim na sundalo ang napatay at tatlo ang nasugatan sa mga operasyong haras at ambush na inilunsad ng BHB.

Lima sa mga opensiba ay inilunsad sa Tapaz, Capiz. Kabilang dito ang operasyong haras sa detachment ng militar at CAFGU sa Barangay Daan Sur noong Agosto 20 at dalawang beses na ambush sa mga tropa ng 61st IB sa Barangay Aglinab noong Agosto 17. Tatlong sundalo ang napatay sa mga ambush na ito. Ang naturang mga tropa ay una nang inambus ng mga Pulang mandirigma sa Sityo Tobi, Abangay noong Agosto 15. Tatlong tropa rin ang napatay sa naturang ambush. Bago nito, hinaras ng BHB ang mga tropa ng 61st IB na nakakampo sa talipapa ng Barangay Katipunan noong Agosto 11.

Tatlong opensiba naman ang nailunsad sa Calinog, Iloilo. Noong Agosto 16, sinalakay ng isang tim ng BHB ang mga detachment ng 6th

Regional Public Safety Battalion sa Barangay Agcalaga. Una na nilang hinaras ang naturang detachment noong Hulyo 31.

Tatlong pulis ang nasugatan sa operasyon. Pinarusahan ang yunit-pulis na ito dahil nagsisilbi silang tagapagtanggol ng mapaminsalang proyekto na Jalaur megadam na mariing tinututulan ng mamamayang Tumandok. Noong Hunyo 5, hinaras ng BHB ang mga tropang militar na nagsisilbing gwardya sa kagamitang pangkonstruksyon para sa paglalata ng daan sa Barangay Binolusan Grande. Ang proyektong daan ay bahagi din ng proyektong megadam.

Samantala, sinalakay ng isang tim ng BHB ang detachment ng militar at CAFGU sa Barangay Agloloway, Jamindan, Capiz, noong

Hulyo 29. Ang naturang detachment ay bahagi ng *perimeter defense* ng kampo ng 3rd ID. Isa ang Agloloway sa humigit-kumulang 24 barangay sa 33,310 ektaryang lupang ninuno na kinakamkam ng Philippine Army bilang *military reservation*.

Sinusuportahan ng BHB ang pakikibaka ng katutubong Tumandok laban sa itinatayong megadam sa Ilog Jalaur sa Calinog, Iloilo at sa balak na itayong isa pang megadam sa Ilog Pan-ay, sa Tapaz, Capiz. Pareho itong magpapalubog ng daan-daang ektarya ng lupang ninuno at magdidisloka sa libu-libong katutubong mamamayan.

Ayon kay Ka Jurie Guerrero, tagapagsalita ng BHB-Central Panay: “Ang naturang aksyon militar ay magsisilbi ding paunang babala sa mga ahensya ng guberno... mga upisyal ng gubyernong Aquino at nagkukunwaring mga *tribal leader* at *elder* na masugid na tagapagtaguyod ng mapaminsalang proyekto na tigilan na ang panloloko at pananakot sa mamamayang Tumandok.”

Pinabulaanan ng mga tagumpay na ito ang ipinagmamayabang ng AFP na "conflict-manageable area" na ang Capiz at Iloilo mula pa noong nakaraang Disyembre. AB

Kontraktwalisasyon sa pabrika sa Davao, nilabanan

ISINAGAWA mula Agosto 5 ang protesta ng mga manggagawa sa Nakayama Technology Corporation, isang kumpanyang Hapon, sa Barangay Cogon, Digos City sa Davao del Sur. Kinundena nila ang ilegal na pagpapapatsik sa mahigit 100 manggagawang tumanging pumirma sa kontratang nagpapailalim sa kanila sa mga ahensyang kontraktwal.

Sinuportahan ng Nakayama Organization of Workers-Southern Philippines Federation of Labor ang mga manggagawang sinisante. Ayon sa mga manggagawa, idineklara ng maneydsment ng kumpanya na regular na empleyado na ang 157 manggagawang kontraktwal noong Hunyo 30. Pero sa halip na gawin silang regular noong Hulyo 1, pinilit silang pumirma sa kontratang nagsasaad na mga manggagawa sila ng Workstation and Fat Manpower Services. Dahil ang ibig sabihin nito'y hindi na sila ituring na mga regular na manggagawa ng Nakayama, tumanggi ang 122 manggagawa na lumagda sa kontrata.

Wika ni Carlo Olalo, tagapagsalita ng Kilusang Mayo

Uno (KMU)-Southern Mindanao, dapat kilalaning regular ang 157 manggagawa dahil naninilbihan na sila sa kumpanya nang mula isa hanggang anim na taon.”

Binatikos ni Olalo, ang Department of Labor and Employment Department Order No. 18-A na ipinatupad mula pa 2011 na “nagpapahintulot sa mga kumpanya na ituring ang mga “overstaying” na manggagawa bilang mga inaarkila batay sa kapritso ng ahensya.”

Kinundena ng KMU-SMR ang rehimeng Aquino “sa pagtataguyod ng patakarang neoliberal sa paggawa, partikular ang ligalisasyon ng dekontratang pag-empleyo sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga batas paggawa at patakaran na nagnonormalisa sa tuloy-tuloy na pananalakay sa karapatan ng mga manggagawa sa buhay, karapatang makatao at kalayaan sa asosasyon.”

Ang Nakayama ay itinayo noong 2001 at nagmamamamuyok ng mga materyales para sa konstruksyon ng mga gusali at bahay na pang-eksport. Mayroon itong 2,000 manggagawa. AB

Pakikibaka laban sa kontraktwalisasyon sa ST

Matatag na isinusulong ng mga manggagawa sa Southern Tagalog ang kanilang mga pakikibaka laban sa kontraktwalisasyon. Ang mga paglaban na ito ay nagsimula ilang taon na ang nakaraan, at patuloy na dumarami sa nagdaang mga buwan. Panimula man, ang mga tagumpay nila'y may di mapasubaliang kabuluhan at halaga lalo't nakamit sa harap ng puspusang panunupil ng mga kapitalista at ng reaksyunaryong gubyrerno.

Tampok sa mga tagumpay na ito ang welga ng mga manggagawa sa Coca-Cola noong 2013 at ang welga ng mga manggagawa ng Tanduay Distillers Inc. simula nitong Mayo. Ngayong taon, sumiklab rin ang mga pakikibaka ng mga manggagawang kontraktwal sa Karzai Corporation sa Cabuyao, Laguna at Sagara Metro Plastic Industrial Corporation sa Calamba City. Nabuo rin ang mga asosasyon at unyon ng mga manggagawang kontraktwal sa Manco Synthetic, Manila Cordage at Asia Brewery Inc.


Ang mga pakikibakang ito ay pagsambulat ng di na matiis na galit ng mga manggagawa sa rehiyon ng Southern Tagalog laban sa sistema ng kontraktwalisasyon at mababang sahod. Tinatayang nasa 65-70% ng 265,000 kabuuang bilang ng mga manggagawa sa mga enklabo sa rehiyon ay mga kontraktwal. May mga kaso na umaabot sa 90% ng mga manggagawa sa isang pabrika ang kontraktwal, tulad sa Tanduay at Karzai.

Tulad sa kaso ng dalawang kumpanyang ito, laganap ang paggamit ng mga kapitalista ng mga "agency" para mag-empleyo ng mga manggagawa sa ilalim ng sistemang "labor only contracting". May dalawang agency sa Tanduay, apat sa Takata Philippines at anim sa Asia Brewery. Madalas ang kaso na umaabot nang ilan taong nagtatrabaho bilang kontraktwal ang mga manggagawa sa mga pabrikang ito.

Sa Coca-Cola, ilang taon nang regular ang mga manggagawa bago sila "ipinasa" sa mga ahensyang

kontraktwal para baklasin ang kanilang katayuan at mga karapatan. Sa Tanduay, bagamat kontraktwal, taon na rin ang binilang bago sila inobligang magpailalim sa ahensya. Madalas na kasabwat ng mga kapitalista ang mga ahensya, kung hindi man tuwiran nilang pinatatakbo ang mga ito. Kadalasang kulang sa anim na buwan ang mga kontrata sa pagtatrabaho. Pirmeng pangamba ng mga manggagawa ang "endo" (*end of contract* o pagtatapos ng kontrata).

Mayroon ding nagpatutupad ng sistema ng "on the job training" o "apprenticeship" kung saan kumukuha ng mga estudyante na "sinasanay" na walang kabayaran. Sa



kumpanyang EMI-Yazaki, halimawa, nasa kalahati ng 8,000 pwersa sa paggawa nito ay mga kontraktwal, na karamiha'y mga estudyante mula sa mga paaralang teknikal. May mga kaso rin ng pagkuha ng mga "reliever" o "emergency worker" at iba pa.

Sa paggamit ng iba't ibang anyo ng kontraktwal na paggawa, lalong pinatitindi ng mga kapitalista ang pagsasamantala at pang-aapi sa mga manggagawa. Lalong napabababa ang sahod, napagkakait ang mga benepisyong itinatakda ng batas at sinusupil ang kanilang mga demokratikong karapatan, kabilang na ang pagpapapirma sa kontratang naglalaman ng pagbabawal sa pag-uunyon. Ang mga manggagawang kontraktwal ay gumagampan ng mga trabahong katulad ng regular, parehong oras at pareho ang tindi, pero malayong mas mababa ang sahod. Kadalasang inobligang mag-obertaym, lalo't ginagamit iyong panukat at batayan kung bi-bigyan ng bagong kontrata.

Ang mga pakikibaka at panimulang tagumpay laban sa kontraktwalisasyon sa rehiyong ST ay nakamit sa pamamagitan ng pagtataas ng determinasyon ng masang manggagawa na labanan ang sistema ng kontraktwalisasyon. Binuo ang solidong lakas ng mga manggagawa sa pamamagitan ng mga unyon at iba't ibang anyo nila ng organisasyon. Binuo noong 2011 ng mga manggagawa sa rehiyon ang Liga ng mga Manggagawa Para sa Regular na Hanapbuhay (Liga) upang suportahan at tulungan ang pakikibaka laban sa kontraktwalisasyon sa iba't ibang pabrika.

Sa ilang kaso, ginamit ng mga manggagawa ang pagbabawal sa Labor Code na ikontrata ang mga trabahong "core and essential" o sentral at esensyal sa produksyon. Sa kaso ng mga manggagawa ng Tanduay, iginiit nila sa DOLE na inspeksyunin at ideklara na ang trabahong ginagampanan ng mga manggagawa doon ay "sentral at

esensyal” at gayo’y ipakita na iligal ang kanilang pagiging kontraktwal. Ang pag-“endo” sa kanila, matapos ng anim hanggang 15 taong pagtatrabaho sa kumpanya ang naging mitsa ng kanilang welga. Katulad nito, naging mitsa ng welga sa Coca-Cola nang sapilitang ipinailalim ang dating regular na manggagawa sa mga ahensya.

Ginamit ng mga manggagawang kontraktwal ang lakas ng sama-samang pagkilos at pagwewelga upang igiit ang kanilang karapatan sa regular na hanapbuhay. Nagawa nilang itigil o idiskaril ang produksyon at sa gayo’y gamitin ang kolektibong aksyon laban sa kapitalista. Dagdag rito, ang mga pagkilos na ito ay nagpatampok ng kanilang mga pakikibaka at nagsilbing sentro ng pagtipon ng suportang pampolitika. Hindi mapasusubalian ang halaga ng suporta ng mga estudyante,

taong-simbahan, mga abugado at iba pang sektor sa pagsusulong ng mga pakikibakang ito.

Sa ilang kaso, ang ipinamalas na pagkakaisa at determinasyong lumaban ng mga manggagawa ay nag-oblige sa mga kapitalista na tungunan ang karaingan ng mga manggagawa at nagtulak sa reaksyunaryong gubyerno na maglabas ng mga kautusang pabor sa manggagawa. Sa welga sa Coca-Cola, naobligang kilalanin ang mga manggagawa bilang mga regular na empleyado ng kumpanya. Sa kaso ng Tanduay, ipinag-utos ng DOLE na gawing regular ang 103 manggagawa, bagaman patuloy ang pagtanggap ng kumpanya na ipatupad ito.

Ang mga pagsulong sa pakikibaka ng masang manggagawa sa rehiyong ST laban sa kontraktwalisasyon ay panimula pa lamang. Malaking-malaki pa ang kailangang ib-

welo ng kilusan laban sa kontraktwalisasyon sa harap ng lamanap na problema ng kontraktwalisasyon. Gayunpaman, ang mga panimulang tagumpay na ito ay mahalagang paghalawan ng mga aral at inspirasyon upang paigtingin ang mga pakikibakang manggagawa sa mga darating na taon.

Ang mga pakikibakang inilunsad sa rehiyon ay inspirasyon para sa buong uring manggagawang Pilipino. Naghahatid ito ng mga aral at nagtataas ng mapanlabang diwa para labanan ang kontraktwalisasyon at isulong ang kanilang mga pakikibaka para sa karagdagang sahod at para isulong at ipagtanggol ang kanilang mga demokratikong karapatan. Ang mga ito’y puhunan sa pagsisikap na hadlangan ang walang-habas na opensiba ng mga neoliberal na patakaran laban sa uring manggagawa. **AB**

Zero Remittance Day, inilunsad ng mga migrante

Sa pamumuno ng grupong Migrante, isinagawa noong Agosto 28 ang Zero Remittance Day ng 140 grupo ng mga migranteng Pilipino mula sa US, Europe at Middle East. Sa araw na iyun, sama-sama nilang ipinagpaliban ang pagpapadala ng remitans sa kanilang mga pamilya sa Pilipinas.

Kasabay nito ang piket ng Migrante sa tapat ng Bureau of Customs (BoC) sa Maynila. Noong Agosto 30, idinaos ang isang kilos protesta sa Hong Kong. Kinundena ng mga nagprotesta ang dagdag singil sa mga balikbayan box na pinapadala nila sa kanilang mga kaanak sa bansa. Sa taya ng Bangko Sentral ng Pilipinas, umaabot sa P67 milyong kabuuang halaga ng hindi nairemit sa araw na iyon.

Bago isinagawa ang pagkilos, matagumpay nang napaatras ng mga migrante ang nauna pang kautusan ng Customs na buksan at rekisahin ang mga balikbayan box. Ginagamit diumano ang mga ito sa ismagling, at dahil dito’y hindi nakakakulekta ang gubyerno ng

halos P600 milyong buwis.

Ang balikbayan box ay kahong ipinadadala ng mga migrante sa kanilang mga pamilya na karaniwang naglalaman ng mga kagamitang personal. Ipinahihintulot na ipadala rito ang mga kalakal na hanggang P15,000.

Umani ng kabi-kabilang batikos ang planong pagrerekisa sa mga kahon. Dahil dito, napilitan ang pinuno ng Customs na si Albert Lina na ipatigil ang pakana at humingi ng tawad sa mga migrante. Binatikos ng mga migrante ang pagtrato sa kanilang mga ismagler ng Customs. Pinaniniwalaang ang pakanang ito ay bahagi ng garapalang paglilikom ng rehimeng US-Aquino ng pondong panustos ng Liberal Party sa dara-

ting na eleksyon. Si Lina ay kilala bilang isa sa pinakamalaking kontribyutor sa pondong pangkumpanya ni Aquino noong 2010.

Matapos mapaatras ang planong pagbubukas ng mga balikbayan box, ipinagpatuloy ng Migrante ang pagbatikos kay Lina dahil itataas niya nang hanggang P120,000 ang singil sa bawat *container van* na may lamang mga balikbayan box. Itataas nito nang P325 ang singil sa kada balikbayan box. Tinatayang aabot sa P2.34 bilyon ang malilikom ng rehimeng Aquino sa 7.2 milyong balikbayan box na ipinadadala ng mga migrante taun-taon.

Lubos na ikinagalit ng mga migrante ang pagturing sa kanila bilang mga "ismagler." Binatikos din ito ng mga progresibong kongresista. Anila, dahil patuloy na bigo ang BoC na puksain ang malawakang ismagling, hinahabol nito ang mga balikbayan boxes ng mga OFWs para pagtakpan ang pagkainutil nito at ang malawakang katiwalian sa loob ng ahensya.

Tradisyunal na palabigasan ng sinumang nakaupo sa poder ang

Customs, at laluna ng pangkating Aquino. Sa kabila ng pagmamayabang ni Aquino sa kanyang "tuwid na daan," nagtala ng pinakamalaking anomalya sa ismagling ang kanyang rehimen. Sa unang tatlong taon pa lamang ng kanyang panunungkulan, umabot sa 2,000 *container van* ang basta na lamang "nawala" at tiyak na napunta sa mga negosyanteng kasosyo ng kanyang pangkatin. Halos US\$19 bilyong halaga (P874 bilyon sa palitang P46=US\$1) ang nawalang buwis sa inangat na mga bilihin sa panahong 2010-2013. Higit na anim na ulit itong malaki kumpara sa US\$3 bilyon sa ilalim ng rehimen ng Arroyo.

Nagpapatuloy at lalong lumalala ang mga anomalya at katiwalian sa BoC habang papatapos ang termino ni Aquino at papalapit ang eleksyong presidensyal. Kabilang dito ang anomalya ng pagluklok kay Lina sa ahensya.

Noong Abril, napilitang magbitiw si John Sevilla bilang pinuno ng Customs dahil sa pamimilit sa kanya na maglikom ng P3 bilyon para sa Liberal Party. Ipinalit sa kanya si Lina, may-ari ng Air21, isang kumpanyang nagdedeliber ng mga pakete, at iba pang kumpanyang direktang may kaugnayan sa BoC.

Isa sa mga unang hakbang ni Lina pag-upo niya sa pwesto ang pagkansela sa P650-milyong kontrata ng modernisasyon ng BoC na iginawad sa Omniprime Marketing Incorporated at Intrasoft International noong Abril 13. Pinalitan ng dalawang kumpanya ang E-Konek, isang kumpanyang pag-aari ni Lina, matapos matalo ito sa *bidding*. Umaabot sa P200 milyon ang nawalang kita ni Lina nang mapalitan ang E-Konek. Dahil hindi itinuloy ang planong modernisasyon, ibinalik ang dating sistema ng BoC na pinatatakbo ng E-Konek. Ipinatigil ng korte ang ginawang kanselasyon ni Lina sa kontrata. AB

Ang pagtalikod ni Aquino sa edukasyon

Naglunsad ng *walk out* at martsa ang iba't ibang organisasyon ng kabataan, mga alyansa, at mga student council mula sa iba't ibang unibersidad sa pangunguna ng Kabataan Partylist noong Agosto 27.

Ipinahayag nila ang pagtutol sa nakaambang malaking pagkaltas sa budget ng 59 na *state universities and colleges* (SUC o mga pampublikong unibersidad at kolehiyo) sa taong 2016 at ipinanawagang dagdagan ang pondo ng edukasyon sa bansa. Kasabay ding nagprotesta ang mga estudyante mula sa Southern Tagalog, Western Visayas at Davao.

Kakaltasan ang 40 SUC ng P4.1 bilyon sa Capital Outlay (badyet para sa konstruksyon) habang 59 SUC ang kakaltasan ng P477.8 milyon sa Maintenance and Other Operational Expenses (MOOE o badyet sa araw-araw na operasyon.) Sampung SUC naman ang binawasan ng kabuuang P2.46 bilyon.

Malinaw na wala sa prayoridad ni Aquino ang pagpapaunlad ng pampublikong edukasyon. Sa susunod na taon abot lamang sa P504 bilyon ang budget sa edukasyon. Mas maliit ito nang 27.03% kaysa pambayad utang na P740 bilyon.

Ang nakaraang limang taon ni Aquino ay malaking delubyo sa pampublikong edukasyon. Kulang na kulang ang inilalaang badyet kaya natutulak ang mga unibersidad

na magtaas ng matrikula o magpataw ng ng iba't ibang bayarin upang punuan ang kulang na rekurso.

Noong 2015, ang kailangang badyet ng mga SUC ay P122.7 bilyon upang tustusan ang kanilang pangangailangan. Subalit ang inilaan lamang ng rehimen ng Aquino ay P42.2 bilyon o halos sangkatlo lamang.

Ang pag-abandona sa edukasyon ay naaayon sa ipinatutupad na neoliberal na patakaran ng rehimen na layong sairin at kumamal ng tubo mula sa payat na bulsa ng mga mahihirap na magulang. Kulang na lamang na ipagtulakan at itaboy ang mga mahihirap palabas ng mga SUC at sabihing "kung wala kang pera, eh di wag kang magkolehiyo!"

Hinamon naman ng mga progresibong kabataan ang mga mamabatas na tugunan ang pangangailangan ng sektor ng edukasyon. Nanawagan silang magbuklod-buklod ang mga estudyante, guro, mga magulang at buong mamamayan na igiit ang karapatan para sa karagdagan badyet sa edukasyon at para ipaglaban ang siyentipiko, makabayan at makamasang edukasyon. AB

